

WORD

⁵Sapagkat iisa lang ang Diyos at iisa lang ang tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao. Ito ay walang iba kundi ang taong si Kristo Jesus. ⁶Ibinigay niya ang buhay niya bilang pantubos sa lahat ng tao. Ito ang nagpapatunay na nais ng Diyos na maligtas ang lahat ng tao, at inihayag niya ito sa takdang panahon.

1 TIMOTEO 2:5,6

Sa Lumang Tipan, ang mga punong saserdote ang nagsisilbing tagapamagitan. Sila ang pinili at tinawag ng Diyos upang mag-alay ng mga kaloob at kabayaran sa mga kasalanan ng mga Israelita. Subalit, ang kaparaanang ito ay kaya lamang magtakip at hindi mag-alis ng kasalanan. Binago ito ni Jesus nang Siya ay pumunta dito sa lupa, namatay sa krus at nabuhay na muli. Sa araling ito, ating matututunan kung bakit si Jesus lamang ang maaaring maging tagapamagitan.

1 Si Jesus ay nabubuhay magpakailanman.

Ngunit si Jesus ay walang kamatayan, kaya hindi naililipat sa iba ang pagkapari niya. MGA HEBREO 7:24

Ang lahi ng pagkapari ay kailangang isalin ng isang henerasyon sa susunod na henerasyon sapagkat ang kamatayan ay pumipigil sa isang tao na manatili sa kanyang katungkulan bilang isang tagapamagitan ng Diyos at ng tao. Subalit ang pagkabuhay na muli ni Jesus ay nagbigay ng kasiguraduhan na Siya ay mamumuhay ng walang hanggan at na Kanyang ililigtas ang sinumang manampalataya sa Kanya. Paano nabibigyan ng katiyakan at kalakasan ang iyong pananampalataya kay Jesus ngayong alam mo na Siya ay nabubuhay magpakailanman?

2 Si Jesus ay namamagitan para sa ating kapakanan.

Kaya maililigtas niya ng lubos ang sinumang lumalapit sa Diyos sa pamamagitan niya, dahil nabubuhay siya magpakailanman upang mamagitan para sa kanila. MGA HEBREO 7:25

Kapag tayo'y nagtiwala ng buo kay Jesus, maaari na tayong lumapit sa Diyos na ating Ama nang walang ng iba pang tagapamagitan. Ayon sa 1 Timoteo 2:5, ilan ang tagapamagitan ng Diyos at tao?

3 Si Jesus ay walang kasalanan.

Kaya si Jesus ang punong pari na kailangan natin. Banal siya, walang kapintasan, walang kasalanan, hiwalay sa mga makasalanan, at itinaas ng higit pa sa kalangitan. MGA HEBREO 7:26

Kahit na naranasan ni Jesus ang matukso sa lahat ng kaparaanang dito sa lupa, Siya ay hindi kailanman nagkasala (Mga Hebreo 4:15). Hindi lamang Siya basta tagapamagitan ng Diyos at tao. Ang kanyang kawalan ng kasalanan ang dahilan upang Siya ay gawing sakripisyo para sa ating mga kasalanan at upang mabigyan tayo ng buhay na walang hanggan sa langit. Paano mo maipakikita ang iyong pagpapahalaga kay Jesus at sa lahat ng Kanyang ginawa para sa iyo?

4 Ang sakripisyo ni Jesus ay ganap.

Hindi siya katulad ng ibang punong pari na kailangang maghandog araw-araw para sa kasalanan niya, at pagkatapos, para naman sa kasalanan ng mga tao. Si Jesus ay minsan lang naghandog para sa lahat ng ialay nya ang kaniyang sarili.

MGA HEBREO 7:27

Gaya ng pangangailangan natin na bayaran ang anumang ating bibilhin, mayroon ding sapat na halaga na dapat bayaran para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan. Ang pag-aalay ng mga hayop na naganap sa Lumang Tipan ay nagbigay lamang ng pansamantalang pagtakip sa kasalanan. Naiiba dito ang ginawa ni Jesus na pag-aalay na *minsan lang*, para sa lahat. Ano ang ibig sabihin ng *minsan lang* para sa lahat?